**Kawíng 1.2 (2017): 111-120**

# Binyagan

**Ramilito B. Correa**
De La Salle University, Manila
ramilito.correa@dlsu.edu.ph

~~~

Marahan nang sumisilip ang araw. Dahan-dahan nang nagtatago ang dating bumabalot na dilim sa isang maliit na distritong iyon ng Tundo. Unti-unti nang lumalagos ang liwanag ng araw sa loob ng munting bahay nina Itoy. Ang mainit na sinag na dumampi sa kanyang nakapikit pang mga mata ang nakapagpadilat sa kanya upang tuluyan nang gumising at maghanda para sa araw na iyon. Bahagya siyang nasilaw at ginamit na panangga ang manipis na kanang braso upang masalag niya ang sinag na dumadampi sa kanyang mga mata.

Sa kanyang pagbalikwas, napansin niyang mahimbing pa ring natutulog sa mahabang banig na nakalatag sa kanilang sahig ang kanyang tatlong kapatid na babae – ang kanyang Ate Anna, si Josie, at ang bunso nilang si Alma. Labintatlong taong gulang na ang kanyang ate, siya naman ang sumunod na may gulang na labindalawa. Si Josie nama'y sampung taong gulang, at ang kanilang bunso ay pitong taong gulang pa lamang. Pilit na pinagkakasya ng kanyang tatlong kapatid na babae ang kanilang namamaluktot na katawan sa isang pirasong lumang banig na yari sa buli habang sama-sama ring naghahati sa pagkakatalukbong ng isang nangungutim na puting kumot.

Ang kanilang nanay na kilala sa tawag na 'Aling Prising' ay maagang umalis upang humango ng ilalakong isda sa Divisoria. Ito ang hanapbuhay na natutuhan ng kanilang ina sa kanilang yumaong lola na naging hanapbuhay na rin halos ng kanilang
~~~

mga ninuno sa Tundo. Ang kanilang tatay naman ay naghahanda na rin upang samahan siya sa kanyang pupuntahang 'binyagan' at siguradong nagluluto na ng almusal sa silong ng kanilang bahay. Lumiban muna pansamatala ang kanyang tatay sa trabaho nitong pagkakarpintero sa loob ng compound ng Procter and Gamble sa Vitas, Tundo upang magkaroon siya ng makakasama sa pupuntahan nilang 'binyagan.'

Hindi na inabala pang gisingin ni Itoy ang tatlong kapatid na babae. Tiniklop na lamang niya ang kanyang makutim na kumot, nirolyo ang maliit na lumang banig, at iniligpit ang isa pang unan na kanyang pinaghigaan. Bago bumaba, binuksan niya ang maliit na kabinet ng kanyang tatay. Sinulyapan muna niya ang mga kapatid na babaeng nakahiga sa banig kung may nagising na. Sinigurado niyang tulog pa ang mga ito. May isang bagay siyang kinuha. Isang bagay na nakikita niyang madalas na gamitin ng kanyang tatay. Palihim niya itong ibinulsa sa likod ng kanyang maluwag na salawal.

Sa maliit na silong ng kanilang bahay ay may nalalanghap na siyang niluluto ni Mang Onor, ang kanyang tatay. Ang nakagugutom na amoy ay nag-aanyaya sa kanya upang kumain na ng almusal. Bumaba siya ng kanilang hagdanang may sasampung baytang lamang upang puntahan ang kanyang tatay sa maliit na kusina habang nagluluto. Pakanta-kanta pa ito ng isang awiting kundiman habang naghahalo ng sinangag sa mauling na kawali. Napalingon ang kanyang tatay nang mapansing bumaba na ang anak na mukhang maganda ang gising.

"Uy, anak! Halika, kumain ka na rito at nang makapaghanda ka na sa 'binyagan' mo mamaya!"

Napangiti na lamang si Itoy. Alam niya kung anong 'binyagan' ang tinutukoy ng kanyang ama. Matagal na niya itong pinananabikan subalit sa mga pagkakataong yaon,

magkakahalo ang damdaming kanyang nararamdaman. Iba pala ang damdamin kapag naghihintay ka nang matagal, may matindi pang pananabik. Ngunit kung dumating na ang araw na iyong hinihintay, nahahaluan na ito ng kaba… ng takot… ng pangamba…

* * *

Matapos mag-almusal ay naghanda na si Itoy sa kanyang gagawing paliligo. Kakaiba ang gagawin niyang ritwal sa umagang iyon kaysa karaniwan na niyang ginagawa. Sa kanilang maliit na banyo na may plastik na kurtinang nagsisilbing pinto nito ay makikita ang isang latang baldeng pakuwadrado na puno ng tubig, isang kinakalawang nang lata ng baldeng pinagbasyuhan ng assorted na biskwit. Isang malinis na tabong dilaw naman mula sa basyo ng isang litrong langis ang palutang-lutang dito. Maliban pa sa tabong nasa ibabaw ng balde, may isa pang hiwalay na tabo ang nakalapag sa sementong nasa tabi ng balde katapat naman ng sabong nasa habonera. Pumasok na siya sa maliit na banyo. Isinara ang pintuan nito sa pamamagitan ng plastik na kurtina. Inipit niya ang laylayan ng kurtina sa ilalim ng balde upang hindi ito mabubuksan agad kung sakaling may biglang humawi ng takip na kurtina. Isinabit niya ang hinubad na maluwag na salawal sa isang nakausling pako sa tagpi-tagping lawanit na dingding.

Sinimulan na niyang magbuhos. Kasabay ng malamig ng tubig na dumaloy sa kanyang katawan ang pangangatog hindi lamang dahil sa pagkaginaw kundi dala na rin marahil ng pupuntahan niyang ‘binyagan.’ Sinabon niya ang buong katawan. Nagsabon siya nang maigi lalo na ng kanyang ari. Ilang sandali pa ay kinuha na niya ang bagay na isinild niya sa bulsa ng kanyang salawal – isang pang-ahit. Marahan at maingat niyang

inahit ang mga balahibong pusang nakapalibot sa kanyang ari. Nahihiya kasi siyang makantiyawan ng mga makakakita nito sa ‘binyagan’ lalong-lalo na ang mga batang makasasaksi sa kanyang ‘pagbibinyag.’ Sa edad niya kasing labindalawang taong gulang ay bibihira lamang ang tinutubuan na ng balahibong pusa. Isa rin ito sa mga dahilan kung bakit gustong-gusto na niyang mabinyagan. Ang pagkakaroon ng balahibong pusa ay simbolo na ng pagiging binata niya at kailangan nang ‘mabinyagan.’

Maya-maya pa ay kinuha na niya ang dilaw na tabong puno ng tubig na nakalapag sa basang semento. Itinapat niya ito sa kanyang ari. Ibinabad niya duon ang kanyang ari. Matagal-tagal din. Ang bilin kasi ng kanyang tatay, “Ibabad mo ‘yang ari mo sa tabong may tubig para lumambot at para mas madali ‘yang pukpukin..”

* * *

Inihanda na Itoy ang kanyang isusuot. Isang preskong sando at isang maluwag na salawal ng kanyang tatay ang ipinahiram sa kanya. Hindi na rin siya nasuot ng brief. Kailangang maluwag ang isusuot niya upang hindi siya mahirapan sa paglalakad pauwi. mula sa eskinita ng Dandan sa may kalye Bangkusay, patungo sa kanilang bahay sa eskinita ng Genaro sa may kalye naman ng Velasquez sa unang distrito ng Tundo. Aabutin din kasi to nang humigit-kumulang sa dalawampung minuto dahil sa mabagal at paika-ika nang paglalakad.

Inayos na rin ng kanyang tatay ang gagamiting baru-baruan na isusuot sa kanyang ari pagkatapos ng ‘binyagan.’ Mga piraso ito ng puting tela mula sa mga lumang sando nilang mag-ama na ginupit nang hugis parisukat na may tatlong pulgada ang lapad at may maliit na butas sa gitna kung saan ipapasok ang dulo ng kanyang ari

matapos ang ‘pagbibinyag.’ Itinupi ito nang marahan ng kanyang Tatay Onor at saka isinilid sa likod na bulsa ng suot nitong kupas na pantalong maong.

Ngayon, handa na siya. Magkahalo man ang kanyang kaba at pananabik, tutungo na si Itoy kay Mang Garce, upang harapin ang hamon sa lahat ng mga lalaki, ang ‘pagbibinyag’… ang kaganapan ng kaniyang pagiging tunay na lalaki.

* * *

Maliwanag na ang sikat ng araw nang lumabas ng kanilang bahay ang mag-ama. Bahagya nang pumapaso sa balat ang init nito. Marami-rami na ring kapitbahay nila ang nasa tapat ng kani-kanilang mga bahay na wari’y nag-aabang sa kanilang pagdaan sa makitid na eskinita ng Genaro. Nadaanan ng mag-ama si Aling Maring na may maliit na tindahan habang nandidilat ang matang nagkikipagtsimisan sa isa pa nilang kapitbahay na si Aling Conching. Sa paglabas naman nila ng eskinita, sa kantong-kanto nito ay nakaistambay na rin si Mang Ely, ang asawa naman ni Aling Betang, habang umiinom ng isang bote ng siyoktong. Nakahubad pa itong tila ipinagmamalaki ang agilang naka-tattoo sa dibdib. Sinenyas pa nito ang hawak na bote kay Mang Onor na tila nag-aalok ng tagay. Sumenyas naman pabalik si Mang Onor na tumatanggi sa inaalok na tagay at inginuso ang kasamang anak na lalaki na akbay-akbay niya at tila ipinagmamalaki na may importante silang pupuntahang mag-ama.

Sa paglalakad naman ng mag-ama sa kalye ng Velasquez patungong Bangkusay ay maiingay na motor at busina ng dyip na ang kanilang nadaraanan. Nagkalat na ang mga tao sa kalsada. May mga nagbubukas na ng maliliit na tindahan. May naglalabas na sa harap ng kanilang bahay ng mga mesang gawa sa lumang kahoy

upang pagpatungan ng mga nilutong sinangag, piniritong itlog, lugaw, tsampurado at iba pang maibebentang almusal ng mga taong magagawi at magsasadyang gumawi at kumain sa lugar na iyon. Abala ang bawat isa, ang bawat naglalakad, tila sinasamantala ang pagkakataong gawin nila ang kani-kanilang nais gawin habang mabilis na tumatakbo ang bawat oras.

Sa di-kalayuan naman sa kanto ng Genaro St. ay may ilang kalalakihan na rin ang nagkukumpulan sa di-kalakihang basketball court. May mga nakahubad na lalaking nag-aabutan ng barya upang makipagpustahan. Karamihan sa mga ito ay mga walang hanapbuhay. Ang ilan naman ay mga kabataang hindi nag-aaral at umiistambay lamang. May ilang kabataan din nanood lamang at sinasamatala ang pagkakataong tag-init at wala silang pasok.

Ilang sandali pa'y huminto muna si Mang Onor. Napahinto rin si Itoy. May kinuha ang kanyang tatay sa kaliwang bulsa nito. Isang istik ng sigarilyong nabaluktot na. Inunat niya ang sigarilyo sa pagkakabaluktot. Isinubo ang dulo ng filter nito. Kinuha naman niya sa kanang bulsa ang isang kaha ng posporo. Sinindihan ito. Pagkahithit ay muli silang naglakad. Batid ni Mang Onor na bago sila makarating sa eskinita ng Dandan ay maitatapon na niya ang upos nito.

Papaubos na ang hinihithit na sigarilyo ni Mang Onor nang makarating silang mag-ama sa kalye ng Bangkusay. Malinaw na ang palatandaang malapit na sila sa eskinita ng Dandan. Sa kahabaan ng maliit na kalsada ay nagkalat na sa bawat kanto ang mga kababaihang nakaupo sa bangkito at may mga hinihiwang isda na karaniwan ay mga galunggong at ang iba naman ay malalaking bangus. Karamihan ng mga isda ay nakababad sa tubig na may yelo sa loob ng mga malalaking banyera o plastik na

planggana. Nadaraanan na nilang mag-ama sa kalye ang bilaran ng mga isdang nakapatong sa mga kinakalawang na dram. Nakabilad na sa arawan ang mga dinaing na galunggong at bangus. May mga bahay din silang nadaraanang mausok at maasap. Nalalanghap na nila ang amoy ng tinapang pinauusukan sa pugon. Dinaing na galunggong at tinapang bangus ang pangunahing ikinabubuhay ng mga taga-Bangkusay at mga kalapit na lugar nito sa Tundo.

Malapit na malapit na sila.

Sa lugar na ito, sa mismong eskinita ng Dandan, kilalang-kilala naman si Mang Garce – ang ‘tagapagbinyag’ ng mga batang lalaking gusto nang maging ‘binyagan.’ Dinadayo pa siya maging ng mga kabataang tulad ni Itoy na nasa karatig lugar sa unang distrito ng Tundo ngunit malayu-layo rin ang nilalakad mapuntahan lamang siya.

* * *

Mahaba-haba na ang pila nang dumating si Itoy sa lugar ng ‘binyagan’. Maalinsangan ang panahon nang mga oras na iyon. Buwan ng Abril kaya wala nang pasok. Ito ang panahon ng ‘binyagan’ sa Dandan. Karamihan sa mga batang lalaki ay kaedad ni Itoy. May mangilan-ngilan sa kanila ang mas bata sa kanya na iba-iba rin ang kasama – may matatandang babae na kung hindi nanay ang tawag ng mga bata, ay tinatawag naman nilang lola. Ang iba, katulad ni Itoy, ay tatay ang kasama. Ang ibang bata naman, kuya nila ang kasa-kasama. May mga binatilyo ring malalakas ang loob na walang kasamang nakatatanda sa kanila.

Lahat ng nakapila, katulad ni Itoy, bakas sa mga mukha ang takot. Lantad sa kanilang malangis na noo ang butil-butil na pawis. May kaunting panginginig ng katawan, lalo na yaong mga malalapit na sa pintuan na binabantayan naman ng isang

binatang matipuno ang katawan na laging sinasabi sa susunod na batang bibinyagang, “Kaya mo ‘yan, boy! Isang pukpok lang yan! Parang kagat lang ng langgam ‘yan! “

Dingding na lawanit lamang ang bumabalot sa ‘lugar ng binyagan’. Hindi maikukubli ang ingay na nagyayari sa loob. May mga batang malalakas ang sigaw ng “Araayy!!!” at may mga sumasagot naman ng “Ay, sus! Parang hindi ka lalaki, ah!”

Ang mga tinig na iyon ang lalong nakapagpapabilis ng tibok ng puso ni Itoy. Ang mga mga katabi niyang alumpihit sa mahabang kahoy na inuupuan. May mga nanlalagkit ang mga braso at pawisang-pawisan. Habang papalapit siya nang papalapit sa may pintuan ay lalo namang bumibilis ang panginginig ng kanyang katawan at pamumutla ng kanyang labi. Inakbayan siya ng kanyang tatay at marahang diniinan ang kayang manipis na braso na parang sinasabing “Kaya mo ‘yan, anak! Nandito lang ako sa tabi mo.”

* * *

Pumasok na si Itoy sa loob ng ‘binyagan.’ Duon lamang niya napagmasdan si Mang Garce – bakas na ang kulubot sa kanyang malapad na noo, manipis at maputi na ang buhok, at nag-uugat ang mga braso. Nakaupo lamang ang matanda sa isang bangkito na gawa sa pira-pirasong kahoy. Halos maligo na rin sa pawis. Tangan ng kanyang kanang kamay ang isang luma at manipis na yantok ngunit mukhang matibay. Hawak naman ng kaniyang kaliwang kamay ang isang matalim na labaha. Tila isang beteranong mandirigma si Mang Garce. Sa magkabilang gilid ng matanda ay makikita ang maliliit na telang puting may bahid ng mapupula at maiitim na dugo. Katapat ng kanyang inuupuang bangkito ang isang maliit na sanga na nakabaon sa matigas na lupa. Tila isa itong maliit na ahas na nakaabang sa batang haharap kay Mang Garce at

nakahandang manuklaw anumang oras. Lapat ang ibabaw ng maliit na sangang ito, makinis at medyo patulis ang dulo. Katapat naman ng maliit na sangang ito ang isa pang bangkitong uupuan ng sino mang batang ‘bibinyagan.’

Humarap na si Itoy sa nakaupong si Mang Garce. Ibinaba na niya ang suot na maluwag na salawal na hiniram mula sa kanyang tatay. Dahan-dahan siyang umupo sa bangkitong nakaharap sa matanda. Handang-handa na siya. Sinubuan siya ng matanda ng ilang piraso ng dahon ng bayabas. Pinanguya iyon sa kanya. Habang ngumunguya, Hinawakan na ni Mang Garce ang kanyang ari. Pinatingala siya. Napansin niya ang isang lumang poster ng babaeng nakahubad na nakapaskil sa bandang itaas ng lawanit na dingding sa bandang likuran ng ‘mambibinyag.’ May hawak ang hubad na babae ng isang bote ng alak na tila ba nanunukso at nakatitig rin sa kanya. Walang lalaking hindi mabibighani sa larawan ng babaeng nakahubad na nakapaskil sa dingding. Napakislot ang ari ni Itoy sa nakitang larawan. Bahagyang ginalaw ng matanda ang kanyang ari upang maipasok sa maliit at matulis na sanga. Ipinatong na ng matanda ang matalas na labaha sa ibabaw ng balat ng kanyang ari. Itinaas na niya ang hawak na yantok. Ubod lakas niya itong ipinukpok sa ibabaw ng matalas na labaha. Napakagat-labi si Itoy sa naramdamang hapdi. Napapikit siya na halos nangingilid ang luha sa mga mata. Pinabuga ng matanda ang nginunguya niyang dahon ng bayabas sa sugat ng kanyang ari. Ipinatong iyon at ikinalat sa sugat ng kanyang ari.

Mabilis namang iniabot ng kanyang tatay ang baru-baruan sa matanda. Ibinalot iyon sa kanyang ari at tinalian ng isa pang kapirasong telang puti na nakarolyo.

“Binyagan ka na, anak!” nakangiting sinabi ni Mang Garce kay Itoy.

Matapos nito, muling dumukot sa kaliwang bulsa si Mang Onor. Inilabas naman niya ang lukot at lumang dalawang pisong papel. Iniabot na rin niya iyon sa matanda bilang kabayaran sa 'pagbibinyag' kay Itoy. Bakas rin ang tuwa sa mga ngiti ng tatay ng binatilyo.

Hirap na tumayo si Itoy. Inayos ang pagkakasuot ng maluwag na salawal. Inalalayan siya ng kanyang tatay. Dahan-dahan at nakabukaka siyang humakbang hawak ang harapan ng maluwag na salawal upang hindi masagi sa kanyang sugatang ari. Habang paika-ika sa paglalakad papalabas ng mainit na silid ng 'binyagan' ay nakangiti ring nasabi niya sa kanyang sarili, "sa wakas, maliligawan ko na rin si Leslie."

**Tungkol sa May-akda:**

**RAMILITO B. CORREA**
Kasalukuyang Assistant Professor at nagsimulang magturo sa De La Salle University - Manila noong 1996. Naging Pangalawang Tagapangulo ng Departamento ng Filipino noong 2005-2007, 2008-2014, at 2017-2018. Tapos ng Bachelor of Science in Elementary and Secondary Education Major in Filipino – Cum Laude sa Philippine Normal University noong 1993, Master of Arts in Teaching – Major in Pagtuturo ng Filipino sa PNU noong 1999, Master of Arts in Language and Literature-Filipino sa DLSU-Manila noong 2001, at kasalukuyang tinatapos ang Doctor of Arts in Language and Literature- Filipino. May Gawad Pagsulat ng Sanaysay gantimpalang Collantes noong 2003 at 2012. Siya ang kasalukuyang Pangulo ng Sanggunian sa Filipino (SANGFIL).